



# PATNUBAY SA MISA



23 Mayo 2021

Dakilang Kapistahan ng Pentekostes

Taon B

## Ang Espiritu Santong Nagpapatotoo kay Hesukristo!

Tayo ay nagdiriwang ng Dakilang Kapistahan ng Pentekostes. Ito ang ikalimampung araw ng Muling Pagkabuhay. Ito ang araw ng pagbubuhos ng Diyos sa sangkatauhan ng Kanyang pinakamahalagang handog – ang Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang Panginoon at Nagbibigay-buhay. Ipinahahayag natin sa pagdarasal ng Sumasampalataya ang ating pananalig sa katotohanang ito hinggil sa Diyos Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang mga tao ay nagbubukas ng kanilang mga kalooban sa Diyos at nagpapasakop sa Kanya. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo natatamo ng mga tao ang buhay na ganap. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo nabuo ang mga alagad sa iisang Simbahang tunay na nagkakaisa. Mamalas nawa natin sa ating panahon ang paglaganap ng lakas ng Espiritu Santo sa sandaigdig.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Espiritu ng Poong D'yos, lumukob sa sansinukob, at sa tanang kanyang sakop, dunong niya ay pumuspos. Aleluya ay ihandog!**

#### Pagbati

**P** – Ang pagpapala ng ating Manunubos na si Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong Panginoon at Nagbibigay-buhay ay sumainyong lahat!

**B** – At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** – Tayo ay nagsasaya sa pagpanaog ng Espiritu Santo. Ngunit marami sa atin ay hindi bukas ang kalooban sa kanyang

pagkilos sa ating buhay. Humingi tayo ng tawad sa Panginoon. (Manahimik saglit.)

**P** – Para sa aming nanghihinang pananampalataya sa iyong muling pagkabuhay, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** – Para sa aming nayayanig na pag-asa sa lakas ng Espiritu Santong iyong isinugo sa amin, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** – Kristo, kaawaan mo kami!

**P** – Para sa aming nanlalamig na pag-ibig, na hindi nakatutulong sa paglago ng iyong Simbahan, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** – Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** – Amen!

#### Papuri

**B** – Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

## Panalanging Pambungad

*P*—Ama naming makapangyarihan, pinababanal mo ang iyong pandaigdig na Sambayanan sa ipinahahayag mo ngayon sa dakilang kapistahan. Gawin mong ang buong daigdig ay mapuspos nang ganap sa mga kaloob ng Espiritu Santong bigay mo sa lahat para puspusin ang kalooban ng tanan noong ang Mabuting Balita ay simulang ipangaral sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B*—Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Gw 2:1-11

*Inilalahad ng ating sipi ang pagpapaog ng Espiritu Santo sa umaga ng Linggo ng Pentekostes. Sa pamamagitan ng anyo ng malakas na hangin ay bumaba ang Espiritu Santo upang bigyang-buhay ang Simbahan. Sa pamamagitan ng anyo ng mga dilang-apoy ay pinag-alab ng Espiritu Santo ang puso ng mga alagad.*

*L*—Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Nang sumapit ang araw ng Pentekostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hangunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay napaspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos. Nang marinig ang ugong na ito, nagdatingan ang maraming tao. Namangha sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila. Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba Galileo silang lahat? Bakit ang atin-ating katutubong wika ang naririnig natin sa kanila? Tayo'y mga taga-Partia, mga taga-Media, mga taga-Elam; mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto, at sa Asia. Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Panfilia, Egipto at sa mga saklaw ng Libia na sakop ng Cirene, at mga nakikipanirahan mula sa Roma, maging mga Judio at

mga naakit sa Judaismo. May mga taga-Creta at Arabia pa rito. Paano sila nakapagsalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos?"

Ang Salita ng Diyos!

*B*—Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 103

*B*—Espiritu mo'y suguin, Poon, tana'y 'yong baguhin!

R. M. Velez



\* Pinupuri ka, Poong Diyos, nitong aking kaluluwa, O Panginoong Diyos, kay dakila mong talaga! Sa daigdig ikaw, Poon, kay rami ng iyong likha, sa dami ng nilikha mo'y nalaganapan ang lupa. *B.*

\* Natatakot mangamatay kung kitlin mo ang hininga; mauwi sa alabok, pagkat doon mula sila. Taglay mo ang Espiritu upang buhay ay ibalik, bagumbuhay ay dulot mo sa nilikha sa daigdig. *B.*

\* Sana ang 'yong karangala'y manatili kailanman; sa lahat ng iyong likha, ang madama'y kagalakan. Ang awit ng aking puso sana naman ay kalugdan, habang aking inaawit ang papuri sa Maykapal. *B.*

**Ikalawang Pagbasa** 1 Cor 12: 3-7.12-13

*Ang ating sipi hango sa Sulat sa mga taga-Roma ay nakatuon sa ginagawa ng Espiritu Santo upang maging anak ng Diyos ang isang alagad. Iniuugnay ng Espiritu Santo sa Ama ang taong tinubos ng dugo ni Kristo.*

*L*—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Hindi masasabi ninuman, "Panginoon si Hesus," kung hindi siya pinapatnubayan ng Espiritu Santo.

Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkaloob ng mga ito. Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. Iba't iba ang mga gawain ngunit iisa lamang

ang Diyos na sumasalihat ng taong gumagawa ng mga iyon.

Ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat.

Sapagkat si Kristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba't ibang bahagi, iisa pa ring katawan. Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa iisang Espiritu upang maging isang katawan.

Tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.

Ang Salita ng Diyos!

*B*—Salamat sa Diyos!

**Awit tungkol sa Mabuting Balita**

*B*—Halina, Espiritu, • sa sinag buhat sa 'yo • kami'y liwanagan mo.

Ama ng maralita, • dulot mo'y pagpapala • upang kami'y magkusa.

Kaibiga't Patnubay, • sa amin mananahan • ang tamis ng 'yong buhay.

Ginhawang ninanais, • lilim namin sa init, • kapiling bawat saglit.

Lubhang banal na ilaw, • kami'y iyong silayan • ngayon at araw-araw.

Kapag di ka nanahan • ay walang kaganapan • ang buhay nami't dangal.

Marumi'y palinisin, • lanta'y panariwain, • sakit nami'y gamutin.

Kami'y gawing matapat, • sa pag-ibig mag-alab, • lagi sa tamang landas.

Tugunin aming luhog, • kami'y bigyang malugod • ng 'yong pitong kaloob.

Gantimpala'y ibigay, • sa hantungan ng buhay • ligayang walang hanggan.

**Aleluya**

*B*—Aleluya! Aleluya!

Espiritung aming Tanglaw, kami'y iyong liwanagan sa ningas ng pagmamahal. Aleluya! Aleluya!

**Mabuting Balita** Jn 20:19-23

*Ang siping ito sa Ebanghelyo ni Juan ay naglalarawan ng ginagawa ng Espiritu Santo upang maging tunay na alagad ni Kristo ang isang tao. Ito ay ang pagpapaalab ng kanyang puso sa pag-ibig para kayanin*

*niyang tumalima sa kalooban ni Kristo.*

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

**B** – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon.**

**Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.”**

**Pagkatapos, sila’y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B** – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### **Homiliya Sumasampalataya**

**B** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### **Panalangin ng Bayan**

**P** – Hingin natin sa Diyos na ma-

puspos tayo ng Espiritu Santo. Ang ating sasambitin ay:

**B** – **Amang nagsugo ng Espiritu, dinggin Mo ang Iyong bayan!**

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa tulong ng Espiritu Santo ay madala nila ang Bayan ng Diyos sa kaganapan ng buhay-Kristiyano, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng ating mga kababayan, upang sa taong ito ng paggunita sa ika-500 taon ng pagdating ng Pananampalatayang Kristiyano sa ating kapuluan ay mabigkis sila ng Espiritu Santo sa dalisay na pagkakaisa at maglakas-loob sa pangangaral ng Mabuting Balita, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga pinuno ng ating bansa, upang maging bukas ang kanilang mga puso sa pagkilos ng Espiritu Santo at nang madala ang ating bayan sa tunay na kaayusan at pag-unlad sa gitna ng mga pagsubok galing sa pandemya at iba’t ibang kahirapan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga Kristiyanong naghahangad na lumago sa pagiging mga kaanib ng Simbahan, upang talagang lumigaya sila sa kanilang paglilingkod sa Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang sa lakas na galing sa Espiritu Santo ay lumago tayo sa pagkakaisa at sa sigasig na magpalaganap ng pag-ibig sa daigdig, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! **B.**

**P** – Ama naming naghando sa amin ng Espiritu Santo, pukawin Mo ang aming mga puso upang magsikap kaming mabuhay sa pag-ibig at sa pagtalima sa kalooban ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B** – **Amen!**



**P** – Manalangin kayo . . .

**B** – **Tanggapin nawa ng Pangi-**

**noon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### **Panalangin ukol sa mga Alay**

**P** – Ama naming Lumikha, pakundangan sa pangako ng iyong Anak ang lihim ng iyong pag-ibig at paglingap ay isiwalat nawa ng Espiritu Santo ngayong ginaganap ang paghahaing ito na siya rin nawang maglahad ng iyong katapatan sa pamamagitan ni Hesukristo magpasawalang hanggan.

**B** – **Amen!**

### **Prepasyo ng Pentekostes**

**P** – Sumainyo ang Panginoon!

**B** – **At sumaiyo rin!**

**P** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B** – **Itinaas na namin sa Panginoon!**

**P** – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

**B** – **Marapat na siya ay pasalamat!**

**P** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Ngayo’y iyong nilubos ang ginanap na pagtubos ng iyong Anak na si Hesukristo na siyang nakaluklok sa kanan mo. Espiritu’y lumulukob sa mga taong tinubos na iyong itinatampok bilang kapatid ni Kristo Hesus. Araw ngayon ng pagsilang ng binuong sambayanan ng iyong Anak na mahal. Tanang tinubos na bansa ikaw ang dinadakila. Espiritu’y lumilikha ng nagkakaisang diwa.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B** – **Santo, santo, santo . . .**

### **Pagbubunyi**

**B** – **Sa krus mo’t pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, ilitas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**



**B** – Ama namin . . .

**P** – Hinihiling namin . . .

**B**– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

**Paanyaya sa Kapayapaan  
Paghahati-hati sa Tinapay**

**B**– Kordero ng Diyos . . .

**Paanyaya sa Pakikinaabang**

**P**– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona ng Pakikinaabang**

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Noong lumukob sa tanan, sugong Espiritung Banal, mga gawa ng Maykapal sama-samang inawitan ng Aleluyang parangal.

**Panalangin Pagkapakinabang**

**P**– Ama naming mapagmahal, pinapapakinabang mo ang iyong Sambayanan sa iyong mga bigay buhat sa kalangitan. Ang iyong pagpapalang kaloob sa amin ay iyong panatilihin upang laging masaganang dumaloy ang Espiritu Santo at ang aming pinagsaluhan sa pagdiriwang na ito ay magdulot ng pag-unlad sa pamamagitan ni Hesukristo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!



**P**– Sumainyo ang Panginoon.

**B**– At sumaiyo rin!

**P**– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**– Amen!

**P**– Sa pamamatinubay ng Espiritu Santo, humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.

Aleluya! Aleluya!

**B**– Salamat sa Diyos!

Aleluya! Aleluya!

Ang Apostolikong Liham ni Papa Francisco  
*(PATRIS CORDE)* sa Ika-150 Taon ng Pagpapahayag  
kay SAN JOSE bilang Tagapagtanggol ng Buong Simbahan  
*(P. René T. Lagaya, SDB)*

**Ikaanim na Bahagi: Ang Masi-pag na Ama**

Isang bahagi ng pagkatao ni Jose, at ito ay idiniin mula pa sa unang Liham Panlipunan ni Papa Leo XIII na pinamagatang *Rerum Novarum*, ay ang kanyang kaugnayan sa larangan ng paggawa. Si San Jose ay isang anluwage at siya ay naghanap-buhay nang maayos upang itaguyod ang kanyang mag-anak. Sa kanya natutunan ni Hesus ang halaga, dangal, at saya sa paggawa upang ang ihinahain sa mesa ay talagang bunga ng sariling pagpapagod.

Sa ating panahon, kung kailan ang paggawa ay nagiging masalimuot na usapang panlipunan, ang kakulangan ng pagkakataong gumawa ay naging napakataas kahit sa mga bansang dati-rati ay may mataas na antas ng pag-unlad. Kaya kailangan nating sariwain ang pagpapahalaga sa karangalan ng paggawa at si San Jose ang pintakasi nito.

Ang paggawa ay ang ating pakikibahagi sa gawaing pangkaligtasan. Ito ay isang pagkakataon para maparating ang Paghahari ng Diyos, para linangin ang ating mga talino at kakayahan, at para rin mailagay ang mga ito sa paglilingkod sa lipunan at sa kapatiran. Ang paggawa ay naging pagkakataon upang marating ang kaganapang pansarili at pangmag-anak. Ang mag-anak ang ugat

ng lipunan. Ang isang mag-anak na walang hanap-buhay ay nahaharap sa maraming suliranin, hirap, away, at paghihiwalay. Paano natin maitataguyod ang karangalang pantao kung hindi natin matitiyak na ang lahat ay may pagkakataong maghanap-buhay para mabuhay nang marangal?

Ang mga manggagawa, anuman ang kanilang ginagawa, ay nakikipagtulungan sa Diyos at nagiging mga manlilikha rin ng daigdig sa ating paligid. Ang paghihirap sa ating panahon, ito man ay sa pananalapi, panlipunan, pangkalinangan, at pangkaluluwa, ay mga hamon sa ating lahat para matuklasan ang halaga, dangal, at pangangailangan ng paggawa upang sa bagong *normal* ay walang sinuman ang maihihiwalay. Ang paggawa ni San Jose ay nagpapaalaala sa ating ang Diyos, noong siya ay nagkatawang-tao, ay hindi inayawan ang paggawa. Ang kawalan ng hanap-buhay na nagpapahirap sa marami sa ating mga kapatid, lalo na sa panahong ito ng pandemya ng *Covid-19* ay dapat hamunin tayong tingnan ang ating mga pinahahalagahan sa buhay. Tumawag tayo kay San Jose, ang Manggagawa, upang tulungan tayong maghanap ng paraan para maipahayag ang ating matibay na paniniwalang walang sinumang kabataan, walang sinumang tao, walang sinumang mag-anak ang walang hanap-buhay!



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua